Ang Paglalakbay

Ni Tala

The Adventures Of Tala

Para sa kabataan
ng kinabukasan

PAGLALAKBAY
TALA
Si Tala ay isang batang malusog, magiliw, at magaling sa pagpinta at pagkanta. Siyam na taong gulang at nasa Grade Four siya.

Isang gabi, bago siya matulog ay nabasa niya ang tungkol sa karapatan ng mga bata sa isang website ng Kids for Kids Philippines at Positive Youth Development Network. Naging interesado si Tala, kaya pinindot niya ang isang link. Biglang may malakas na liwanag na lumabas sa kanyang smartphone at nabago ang kanyang paligid.

Nasa loob na siya ng internet!

“Maligayang pagdating sa metaverse! Ito ang mundo sa loob ng internet at iyong smartphone. Ako si Mayaring maliksi.

“Ako naman si Apolaki. Ako ay may pambihirang lakas.”

“Kami ang Internet Young Heroes!” sabay na sigaw ng dalawa.



“Kaya naman, bibigyan ka namin ng isang misyon—ang alamin at ibahagi ang mga karapatan ng mga batang katulad mo!” dagdag ni Apolaki.

“Misyon? Internet Young Hero? Universe? Metaverse?” naguguluhang tanong ni Tala.

“Umpisahan na nating alamin ang mga karapatan ng mga bata,” sabi ni Mayari.

Nagliwanag ang paligid at sa sobrang silaw ay napapikit si Tala. Pagdilat ay nasa ospital na siya.

“Ako ba yan noong sanggol pa ako?” bulong ni Tala sa sarili.

“Tumpak! Mula sa sinapupunan ng iyong ina, karapatan mong maisilang at manirahan sa isang ligtas na tahanan,” ani Apolaki.

Sa isang pitik ng daliri
ay nasa bahay na siya
ng kaibigang si Luna.

Sabay-sabay at masayang nananghalian sa hapag ang buong pamilya ni Luna. Maya-maya ay pumasok sa pinto ang isang batang may bitbit na barbie doll at toy truck. Kita ang excitement sa mukha ni Luna dahil ready na siyang makipaglaro kay Tala.

“Karapatan mo ring magkaroon
ng pamilyang mag-aaruga
at magkakalinga sa iyo.”

“Pati na rin ang magkaroon ng sapat na pagkain at malusog na katawan,” paliwanag ni Mayari.

Pumalakpak si Apolaki at sa isang iglap ay nasa classroom na sila.

“Ito ang aking eskwelahan!” sambit ni Tala.

"Tama! Dito ay malaya kang makapag-aral at mapaunlad ang iyong mga kakayahan," wika ni Apolaki.

Pumalakpak muli si Apolaki
at biglang nasa park na sila.

Marami ritong mga
batang naghahabulan at
mga pamilyang masayang
nagpi-picnic.

“Wow, mga swing at
saranggola!” wika ni Tala.

“Kay ganda rito sa park, ‘di ba? Marahil narito rin ang paborito mong karapatan—

ang maglaro at maglibang nang ligtas sa anumang kapahamakan,” paliwanag ni Apolaki.

Nagliwanag ang paligid
at biglang nasa isang
kakaibang lugar na si Tala.

Nasaan na tayo?”
nagtatakang tanong niya
sa dalawang young heroes.

“Narito tayo sa brain ng isang bata,” sabi ni Mayari.

“Dahil sa kanilang murang edad, maaaring hindi pa lubos ang kakayahan ng mga batang alamin ang tama at mali.

Kaya mahalagang magabayan sila habang sila'y lumalaki," ayon kay Mayari.

“Paano naman kapag ako’y mas matanda na?” tanong ni Tala.

“Kapag teenager ka na, kakailanganin mo namang sumubok gumawa ng mga bagay nang mag-isa.”

Lalawak din ang iyong mundo, kaya makabubuo ka ng mga relasyon sa ibang tao bukod sa iyong pamilya," paliwanag ni Apolaki.

“Pero maaari ka ring makaramdam ng insecurities, dahil sa mga pagbabagong nararanasan ng iyong katawan

“Unti-unti ko na nga ‘yang nararamdaman,” pag-amin ni Tala.

“Kaya mahalagang magkaroon ka ng role model na tuturuan kang mahalin ang iyong katawan at magkaroon ng healthy lifestyle,” payo ni Mayari.

“Kailangan na nating makalabas dito. Marami pa tayong dapat puntahan,” paalala ni Apolaki sabay palakpak.

“Bahay namin ito,”
bulong ni Tala sa sarili.

“Narito tayo sa mga lugar
na mahalaga sa iyo,” sabi ni Apolaki.



“Dito natin malalaman kung sinu-sino
ang iyong kakampi at anong suporta ang
maibibigay nila sa iyo, ” dagdag ni Mayari.

“Sa bahay, nariyan si Mama Venus, Papa Lucas, at Lola Maning.

Puwede mo silang kausapin kapag may mga bagay kang hindi alam o may mga bumabagabag sa iyo. Nariyan din ang kapatid mong si Sinag at ang alagang si Bantay kung kailangan mo ng kalaro,” paliwanag ni Mayari.

“Sa eskwelahan, puwede mong lapitan si Teacher Aya, ang guidance counselor ng school, at ang iba pang mga guro.

Dahil parang pangalawang tahanan mo ang paaralan, sila rin ay kabilang sa mga taong titiyaking ikaw ay ligtas at natututo,” wika ni Apolaki.

“Puwede mo ring kausapin ang iyong mga kaklase, kaibigan, at kalaro. Maaari rin namang ikaw ang maging tagapakinig para sa kanila.

Alalahanin mo lamang na kapag hindi mo alam ang gagawin ay marapat na humingi ka ng tulong sa mas nakatatanda,” dagdag pa ni Mayari.

“Maaari ka ring lumapit sa mga tagapangalaga ng komunidad, gaya ng kapitan sa iyong barangay o sa mga pulis, kung may nais kang isumbong.

Puwede ka ring humingi ng tulong sa mga ahensiya ng gobyernong nangangalaga sa mga bata, kagaya ng Department of Social Work and Development at Council for the Welfare of Children.

Kung nasa peligro,
maaari mo silang tawagan
sa numerong 1383 para sa
agarang tulong,”
ayon kay Apolaki.

“Mahalaga ring malaman mo ang konsepto ng safe touch.

Ito ay tumutukoy sa hawak na nagbibigay ng pakiramdam ng pagmamahal at pagpapahalaga sa bata.

Ang safe touch ay nagbibigay din ng comfort at security.



Ganoon din tuwing pupunta sa doktor.

Ligtas ang paghawak ng doktor sa iba’t ibang bahagi ng iyong katawan kung nariyan at sang-ayon ang iyong mga magulang,” paliwanag ni Apolaki.

Ang consent o pahintulot ay malinaw at kusang-loob na pagpayag sa isang aksiyon tulad ng pagyakap o paghawak.

Tandaan mong kahit bata ay may kakayahang ipagbawal ang anumang aksiyong pakiramdam nila ay hindi ligtas," paalala ni Mayari.

"Tala, may naaalala ka bang halimbawa ng safe touch mula sa iyong pamilya?" tanong ni Mayari.

“Ang unsafe touch naman ay hawak na nagdudulot ng hindi komportableng pakiramdam, takot, hiya, o sakit.

Tandaang walang sinuman ang puwedeng humawak sa maselang bahagi ng iyong katawan.
Magsabi agad sa pinagtitiwalaang matanda kapag nangyari ito,” paalala ni Mayari.



Biglang dumilim ang paligid at kumulog.

“Ngunit may madilim at nakatatakot na bahagi ang universe.

Hindi sa lahat ng oras ay protektado ang mga bata mula sa karahasan kahit pa sa mga lugar na itinuturing nilang ligtas,” paliwanag ni Mayari.

“Bilisan natin!

Baka magsara ang portal
pabalik sa metaverse!”
nagpapanic na wika
ni Mayari.



Dali-dali namang tumakbo ang tatlo at pumasok sa isang lagusang napakadilim at animo'y walang hangganan.

Hindi napigilang mapasigaw ni Tala at ng mga young heroes habang hinihigop sila ng napakalakas na hangin.

Pagdilat ng kanilang mata ay nasa loob na ulit sila ng Internet ngunit napagtanto ni Tala na may nagbago sa paligid.

Hindi ito puno ng sigla at kulay tulad nung una.

“Napag-alaman natin kaninang nakararanas ang mga bata ng karahasan sa universe.

Pero alam mo bang nangyayari rin ito sa metaverse o internet? Hindi rin ganap na ligtas ang mga bata rito,” tugon ni Mayari.

KAKAMDI KIDS

“Maaari silang maging biktima ng Online Sexual Abuse and Exploitation of Children (OSAEC). Kagaya ng pagsulat ng bastos na comment sa social media, pagpadala ng bastos na text message o chat,

pagpost ng hubad na litrato ng bata,
at pagpilit sa mga batang



sumayaw at maghubad sa harap
ng camera,“ paliwanag ni Apolaki.

“Nakaaalarma man, hindi natin puwedeng pagbawalan ang mga batang gumamit ng internet o gadgets.

Mahalaga kasi ang mga ito sa kanilang paglalaro, pag-aaral, at paglilinang ng talento," dagdag pa ni Apolaki.

"Pero maaaring matutunan kung paano maging responsable sa paggamit ng internet!"

Puwede mo itong simulan
sa pagkabisado ng
Online Safety Alphabet.

Para maging ligtas online,
tandaan mo lamang ang

SMART

S para sa Safe. Ingatan lagi ang iyong personal na impormasyon gaya ng pangalan, password, paaralan at tirahan.

M para sa Meet. Mapanganib ang pakikipagkita sa mga taong nakikilala mo lamang sa internet.

A para sa Accept. Huwag tumanggap ng friend request o pipindot ng link na hindi ka pamilyar.

R para sa Reliable. Huwag basta-bastang maniniwala sa mga nakikita mo online.



“T para sa Tell. Isumbong agad sa pinagkakatiwalaang matanda at anumang kahina-hinala o di kanais-nais na website!

KRIING!!
KRIING!
7:16am
ALARM

“Tala, gising na!” tawag sa kaniya ni Mama Venus.

“Nakailang beses nang tumunog ang alarm mo, bangon na,” dagdag ng Mama niya.

Dali-daling bumangon si Tala,
inayos ang higaan,
agad naligo at nagbihis.
Sabay-sabay silang kumain ng almusal.
Good luck on your Choir Competition, Tala, our little Star!

Habang nakasakay sa trike, nasa isip pa rin ni Tala ang kaniyang adventure kasama sina Mayari at Apolaki.

Bitbit ang mga natutunan mula sa kaniyang panaginip, handa na siya sa kaniyang misyon.

Excited na siyang ibahagi sa kaniyang mga kaibigan ang mga aral tungkol sa kanilang kaligtasan at mga karapatan... upang siya ay maging isang tunay na Internet Young Hero.

Credits

About the Team

KIDS FOR KIDS

Kids for Kids is a non-profit, youth empowerment, and charity organization that aims to inspire and educate a legacy of peacemakers, worldshapers, and changemakers. It is solely run by the youth to be the change the world needs tomorrow; composed of volunteers and project teams that ensure the organization continues to catalyze positive perspectives and actions in our world. Kids for Kids empowers the youth to empower the nation.

Positive Youth Developmer Network

PYDN is a youth-led, youth-centered non-profit organization based in the Philippines. Guided by its three core values: courage, creativity, and compassion, PYDN contributes to the country's overall development by partnering with government, nongovernment, businesses, and community-based organizations in implementing innovative programs with and for young people.

Credits

About the Team

As the Philippines' largest integrated telecommunications company, PLDT Inc. and its wireless arm Smart Communications, Inc. develop and implement Corporate Shared Value programs that leverage on their integrated technology, digital innovations, and robust network.

Under its PLDT & Smart Communities initiative, PLDT and Smart implement programs in the areas of education, disaster resilience, livelihood, internet safety including child online protection, and inclusion that leverage on technology that empower communities and help bridge the digital divide, ensuring that no one is left behind.

Emergency Numbers para sa Oras ng Peligro

1383: MAKABATA Helpline

1343: Trafficking Actionline

163: Bantay Bata Helpline

911: Nationwide Emergency Hotline

143: Philippine Red Cross

09687311032: Philippine General Hospital – Child Protection Unit

09209071717 o 09667255961: Philippine National Police Aleng Pulis Hotline





Activity No. 1: My Ideal Community

Ngayong alam mo na ang mga karapatan ng mga batang tulad mo, iguhit sa nakalaang espasyo ang iyong ideal community para sa sarili at sa iyong kapwa bata. Sa loob ng 2-3 pangungusap, ipaliwanag ang iyong drawing.

Reflection No. 1: Kaya Kapag Kasama Ka

Isa sa mga karapatan ng mga bata ang mahasa ang kanilang kakayahan. Tulad ni Tala, suportado siya ng kaniyang mga magulang at guro sa pagdedebate. Ibahagi ang iyong kakayahan at kung sino-sino ang mga taong tumutulong sa iyo para mahasa ang kakayahang ito?

Activity No. 2: Dapat o Hindi Dapat

Para masukat ang iyong natutunan tungkol sa 10 Karapatan ng mga Bata, sagutin ang pagsasanay sa pamamagitan ng pagtukoy kung ang mga scenarios ay makakatulong o hindi makakatulong upang lumaking holistically healthy at happy ang ating bidang si Tala.

Ilagay ang dapat makakatulong at hindi makakatulong. Magbigay ng 1-2 pangungusap na nagpapaliwanag ng iyong sagot.

Activity No. 3: Time to PHAS it!

Sagutan ang Psychological History and Assessment sa ibaba. Ang mga sumusunod na katanungan ay tutulong sa iyo upang mas lalong makilala ang iyong sarili.

Piliin ang kasagutang pinakanaglalarawan sa nararamdaman o ginagawa mo. Ang tool na ito ay confidential, ikaw, ang assigned health provider, at ang assistant lang ang makakakita ng iyong mga sagot.

HOME		Yes	No
1	Are there any problems within your family that directly or indirectly concern you? (Mayroon bang problema sa inyong pamilya kung saan ikaw ay maaring naaapektuhan?)		
2	Do your parents/guardian listen to you and take your feelings seriously? (Pinapakinggan ka ba ng iyong mga magulang/guardian?)		
3	Have you ever seriously thought of running away from home? (May pagkakataon bang naisip mong maglayas?)		
4	In the past year, have there been any major family changes ? (Sa nakaraang taon, mayroon bang pag-babagong naganap sa inyong pamilya?)		

	EDUCATION/WORK	Yes	No
1	Are you studying? (Nag-aaral ka ba?)		
2	Are you working? (Ikaw ba ay nagtatrabaho?)		
3	Are you having problems in school/work or at any other occasion? (May problema ka ba sa iskwela o trabaho mo?)		
4	Have you experienced bullying in school/work or at any other occasion? Have there been any major family changes? (Nakaranas ka ba ng bullying o pang-aapi sa iskwela/trabaho o saan man okasyon?)		

	EATING HABITS	Yes	No
1	Are you satisfied with the way you look/weigh? (Kuntento ka ba sa iyong itsura/anyo sa iyong timbang?)		
2	Have your tried to lose weigh or maintain weigh by vomiting, taking diet pills, laxatives, or starving yourself? (Sinubukan mo na ba ang magbawas ng timbang sa pamamagitan ng pagsuka ng kinain, uminom ng diet pills o pampadumi, o kaya ang hindi pagkain?)		

Activity No. 3: Time to PHAS it!

ACTIVITIES		Yes	No
1	Do you particpate in any sports or activites in school? At home? (Mayroon ka bang sinasalihan na sports/gawain sa iskwela, trabaho, o bahay?)		
2	Do you exercise regularly? (Regular ka bang mag-ehersisyo?)		
3	Do you use internet/computer? (Gumagamit ka ba ng internet o kompyuter?)		

DRUGS		Yes	No
1	Have you ever used any of the following: (Nakagamit o sinubukan mo na ba ang mga sumusunod?) - Tobacco (Paninigarilyo) - Alcohol (Uminom ng alak) - Street drugs (Gumamit ng bawal na gamot)?		

SAFETY//WEAPON/VIOLENCE		Yes	No
1	Have you ever been touched/hit/slapped/kicked/ pushed or shoved in any way by any person? (Ikaw ba ay nakaranas mahipuan/masuntok/ matulak ng kahit sino?)		
2	Are you currently in a relationship where you are physically hurt, threatened, or made to feel afraid? (Nakaranas ka bang masaktan o takutin ng iyong karelasyon sa ngayon?)		
3	Do you wear a seatbelt when riding a car? A helment when riding a motorbike? (Gumagamit ka ba ng seatbelt kapag sumasakay ng kotse? Gumagamit ka rin ba ng helmet kapag suma-sakay ng motorbike?)		
4	Do you or anyone you like have a gun, rifle or firearm? (May kasambahay ka bang nagmamay-ari ng baril o rifle?)		

SUICIDE/DEPRESSION		Yes	No
1	Are you anxious. sad, depressed, in any way? (Ikaw ba ay balisa o malungkot?)		
2	Have you thought of hurting yourself or ending your life in any way? (Naisip mo na bang saktan o tapusin ang buhay mo?)		
3	Is there any member of the family with a history of suicide, depression or anxiety? (May miyembro ba sa pamilya mo na nagtangkang magpakamatay, matinding kalungkutan, o laging balisa?)		

SEXUALITY		Yes	No
1	Do you have concerns regarding your health, your body changes? (Nababahala ka ba sa iyong kalusugan o mga pagbabago sa iyong pangangatawan?)		
2	Have you ever had sex? (Ikaw ba ay may karanasan na sa pakikipagtalik?)		
3	If yes, how many partners have you had in the previous year? (Kung Oo, ilan na ang taong nakipag-sex ka sa taong nakaraan?)		
4	Do you think you may be gay, lesbian, bisexual, or part of the LGTBQIA++? (Iniisip mo ba ikaw ay gay, lesbian, bisexual o miyembro ng LGBTQIA++?		
5	Have you ever been pregnant or gotten somebody pregnant ? (Ikaw ba ay nakaranas na mabuntis or makabuntis?)		
6	Have you had sexually transmitted infection? (Ikaw ba ay nagkaroon na ng nakakahawang sakit dulot ng pakikipagtalik?)		
7	Do you use any form of protection when you have sex? (May ginagamit ka bang protkeksyon kapag ikaw ay nakikipagtalik?		





Activity No. 4 : My Trusted Adult Checklist

Sagutan ang Psychological History and Assessment
sa ibaba. Ang mga sumusunod na katanungan ay tutulong
sa iyo upang mas lalong makilala ang iyong sarili.

Piliin ang kasagutang pinakanaglalarawan sa nararamdaman o ginagawa
mo. Ang tool na ito ay conÞdential, ikaw, ang
assigned health provider, at ang assistant lang ang
makakakita ng iyong mga sagot.

Pangalan ng Trusted Adult (Bahay)

Name: _____

Name: _____

__They listen whenever I talk to them.
__ They are always interested in whatever I tell them.
__ They are mindful and considerate of my feelings.
__ They make me feel important.
__They ask me if I need help with anything.
__They do not blame me for mistakes and educate me on what went wrong.

__They help me learn about how to be a better person.
__They often ask me how I am.
__They do not judge me for who I am.
__They do not ask me to keep secrets and lie.
__They are someone I feel comfortable talking to.
__They do not do things without my consent or permission.
__They make me feel psychologically and physically safe.

Pangalan ng Trusted Adult (Paaralan)

Name: _____

Name: _____

__They listen whenever I talk to them.
__ They are always interested in whatever I tell them.
__ They are mindful and considerate of my feelings.
__ They make me feel important.
__They ask me if I need help with anything.
__They do not blame me for mistakes and educate me on what went wrong.

__They help me learn about how to be a better person.
__They often ask me how I am.
__They do not judge me for who I am.
__They do not ask me to keep secrets and lie.
__They are someone I feel comfortable talking to.
__They do not do things without my consent or permission.
__They make me feel psychologically and physically safe.

Pangalan ng Trusted Adult (Komunidad)

Name: _____

Name: _____

__They listen whenever I talk to them.
__ They are always interested in whatever I tell them.
__ They are mindful and considerate of my feelings.
__ They make me feel important.
__They ask me if I need help with anything.
__They do not blame me for mistakes and educate me on what went wrong.

__They help me learn about how to be a better person.
__They often ask me how I am.
__They do not judge me for who I am.
__They do not ask me to keep secrets and lie.
__They are someone I feel comfortable talking to.
__They do not do things without my consent or permission.
__They make me feel psychologically and physically safe.

Activity No. 5: The Safe and Danger Zones in the Physical World

Ngayong alam na natin na hindi lahat ng sulok ng universe ay ligtas para sa mga bata, i-visualize natin ang iyong ideya ng isang safe at dangerous physical world.

Isulat ang mga salita at iguhit ang mga bagay o icons na naglalarawan ng iyong interpretasyon ng safe o dangerous physical world sa designated zone.





Activity No. 6: Cybersecured!

Para masiguradong sumusunod kayo sa best practices for cybersecurity, kumpletuhin ang sumusunod na self-assessment checklist. Makakatulong ang checklist para tukuyin kung mayroong areas kung saan kailangan mong mas pag-igtingin ang iyong security measures. Markahan ang bawat item na ginagawa o hindi ginagawa.

Ang checklist na ito ay batay sa California State University San Bernardino cybersecurity checklist.

Security Measure	Am I doing this?	If not, how can I observe this as a cybersecurity behavior?
I use multi-factor or two-factor authentication whenever possible for accounts with sensitive data.		
I use anti-virus & anti-malware software.		
I choose strong passwords.		
I use a password-protected screensaver in my devices.		
I update all software and operating systems on my computers and mobile devices.		

Security Measure	Am I doing this?	If not, how can I observe this as a cybersecurity behavior?
I never provide passwords or other sensitive information in response to an e-mail or enter them on an untrusted site.		
I never respond with personal information nor open attachments from unexpected e-mails or unsolicited phone calls.		
I follow appropriate procedures and/or seek independent counsel when unexpected or unusual requests come through.		
I clear my private data from Web browsers.		
Never save passwords in a Web browser.		
I only download software from reputable sources		
My firewall is turned on.		
I back up important files to a secure location and delete the files I no longer need.		
I don’t store sensitive data on USB drives.		

Reflection No. 2: The Safe and Danger Zones in the Digital World

Mas palalimin pa natin ang pag-unawa sa konsepto ng safe and danger zones in the physical world sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Malayang ibahagi ang iyong ideas, insights, o experiences sapagkat walang tama o maling sagot dito.

1. Sino sa tingin mo ang mga kasama mo sa mga ligtas na lugar? At sino naman kaya ang mga nasa delikadong lugar?

2. Ano ang inaasahan mong makikita sa mga lugar na pakiramdam mo ay ligtas? At paano naman sa mga delikadong lugar?

3. Ano sa tingin mo ang maririnig mo sa mga ligtas na lugar? At ano naman sa mga delikadong lugar?

4. Ano ang mararamdaman mo kung nasa isang ligtas na lugar ka? At paano ito magiging iba kung nasa isang delikadong lugar ka?

Activity No. 7: The Safe and Danger Zones in the Digital World

Ngayong alam na natin na hindi lahat ng sulok ng universe ay ligtas para sa mga bata, i-visualize natin ang iyong ideya ng isang safe at dangerous physical world.

Isulat ang mga salita at iguhit ang mga bagay o icons na naglalarawan ng iyong interpretasyon ng safe o dangerous physical world sa designated zone.





Reflection No. 3: The Safe and Danger Zones in the Digital World

Mas palalimin pa natin ang pag-unawa sa konsepto ng safe and danger zones in the physical world sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Malayang ibahagi ang iyong ideas, insights, o experiences sapagkat walang tama o maling sagot dito.

1. Sino sa tingin mo ang mga kasama mo sa mga ligtas na lugar? At sino naman kaya ang mga nasa delikadong lugar?

2. Ano ang inaasahan mong makikita sa mga lugar na pakiramdam mo ay ligtas? At paano naman sa mga delikadong lugar?

3. Ano sa tingin mo ang maririnig mo sa mga ligtas na lugar? At ano naman sa mga delikadong lugar?

4. Ano ang mararamdaman mo kung nasa isang ligtas na lugar ka? At paano ito magiging iba kung nasa isang delikadong lugar ka?

Activity No. 8: Kakampi Mapping

Ngayong alam na natin na hindi lahat ng sulok ng universe ay ligtas para sa mga bata, i-visualize natin ang iyong ideya ng isang safe at dangerous physical world.

Isulat ang mga salita at iguhit ang mga bagay o icons na naglalarawan ng iyong interpretasyon ng safe o dangerous physical world sa designated zone.

KIDS FOR KIDS
Positive
Youth
Developmer
Network
PLDT
Smart